

# Sanay wala nang wakas

I.

Sana'y wala nang wakas  
Kung pag-ibig ay wagas  
Paglalambing sa iyong piling  
Ay ligaya kong walang kahambing

II.

Kung di malimot nang tadhana  
Bigyang tuldok ang ating ligaya  
Walang hanggan ay hahamakin  
Pagkat walang katapusan kitang iibigin.

Chorus:

Kahit na ilang tinik ay kaya kong tapakan  
Kung iyan ang paraan upang landas mo'y masundan  
Kahit ilang ulit ako'y iyong saktan  
Hindi kita maaring iwanan  
Kahit ilang awit ay aking aawitin  
Hanggang ang himig ko'y maging himig mo na rin  
Kahit ilang dagat ang dapat tawarin  
Higit pa riyan ang aking gagawin.

Sana'y wala nang wakas (sana'y wala nang wakas)  
Kapag hapdi ay lumipas  
Ang mahalaga ngayon ay pag-asa  
Dala nang pag-ibig  
Saksi buong daigdig (saksi buong daigdig)

Repeat II

Repeat Chorus

Coda:

'Di lamang pag-ibig ko  
'Di lamang ang buhay kong ibibigay  
Sa ngalan nang pag-ibig mo  
Higit pa riyan aking mahal, ang alay ko.